REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

PHILIPPINES 2000

*Sama-Sama sa DECS*

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Hunyo 28, 2000

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 280, s. 2000

## SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO NG WIKA AT PANITIKANG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya

1. Ang Miriam College ay magdaraos ng seminar-worksyap bilang kontribusyon sa pagpapahusay sa katatasan at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino na pinamagatang "Artistik na Dimensyon at Lapit sa Pagtuturo ng Wika at Panitikang Filipino" sa Agosto 21-23, 2000 sa AVR ng naturang kolehiyo.

2. Ang seminar-worksyap na ito ay nakaangkla sa isang bisyon na higit na mapapahusay ang pagtuturo ng wika at panitikang Filipino kung ginagawang salik ang malikhaing dimensyon ng pagtuturo at pag-aaral ng kultura at kabihasnan.

3. Inaasahang dadalo sa seminar-worksyap na ito ang mga guro sa Filipino o sinumang hihiranging kinatawan ng mga paaralang elementarya at sekundarya na pampubliko at pribado. Maaaring dumalo ang mga guro mula sa pampublikong paaralan sa opisyal na oras lamang. Ang mga kinatawan sa pribadong paaralan ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang tanggapan hinggil sa gastusing pinansyal.

4. Mangyaring makipag-ugnayan sa Miriam College Foundation (dating Maryknoll College Foundation) Katipunan Avenue, Quezon City sa telepono blg. 98-24-21 to 31 para sa iba pang detalye.

5. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Andrew Gonzalez
ANDREW GONZALEZ, FSC
Secretary

Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
WORKSHOPS